REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 92- 35

**KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA SI GINOONG DANIEL R. PRESNEDI NG PAHINTULOT NA MAKAPAGPATAYO AT MAGMINTINA NG PRIBADONG BAHAY-KATAYAN (SLAUGHTERHOUSE) SA SAN GUILLERMO, BARANGAY PUTATAN, MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA.**

*****************************************************************

**Ipinanukala ni: Kgg. Alejandro L. Martinez**

*****************************************************************

**SAPAGKAT,** ang Sangguniang Bayan ay may kapangyarihang lumikha ng mga bahay-katayan, magmintina at magbigay ng pahintulot sa operasyon ng mga ito alinsunod sa itinatakda ng Seksyon 447 (4) (ii) ng Republic Act No. 7160 o ang Local Government Code;

**SAPAGKAT,** ang pagtatayo, pagpapanatili ng bahay-katayan ay isang mabigat na hakbanging mangangailangan ng malaking kapital at kaalamang teknikal;

**SAPAGKAT,** ang pamahalaang bayan ay walang pambayan o pribado mang bahay-katayan sa kadahilanang kapos sa pamamaraan at tauhan na maaaring ilagay dito;

**SAPAGKAT,** si Ginoong Daniel R. Presnedi ay may malawak na kaalaman at karanasan sa nabanggit na gawain;

**NGAYON DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at muli pang pinagpasiyahan na pagtibayin ang pagbibigay pahintulot kay Ginoong Daniel R. Presnedi na makapagpatayo at magmintina ng bahay-katayan sa San Guillermo, Barangay Putatan, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

**PINAGTIBAY** ng buong pagkakaisa ng lahat ng kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-21st na regular na pulong na ginanap noong ika-21 ng Disyembre, 1992 sa Silid Pulungan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

**PINATOTOHANAN:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
**Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal**

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B.CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR B. TEVES
Konsehal

KGG. REY B. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Konsehal
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga Punongbarangay

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan